

South Australian First Nations Voice sa halalan ng Parlamento

Ang South Australian First Nations Voice sa Parlamento ay isang nahalal na lupong tagapayo para sa mga taong Aboriginal at/o Torres Strait Islander. Ito ay naiiba sa pederal na reperendum ng National Voice. Tanging mga Aboriginal at/o Torres Strait Islander na nasa rehistro ng botante ng SA (South Australia) ang maaaring bumoto, gayunpaman hindi ito sapilitan.

Ang halalang ito ay gaganapin kasabay ng Halalan ng Estado. Ang mga karapat-dapat na botante ay maaaring bumoto saanmang sentro ng botohan, sa pamamagitan ng koreo, o sa tulong ng pagboto sa telepono (telephone assisted voting). Bisitahin ang website para sa karagdagang impormasyon sa: savoicerelection.sa.gov.au.

Sa isang sentro ng botohan

Hanapin ang mga poster ng Voice Election. Ituturo ka ng mga kawani ng halalan sa isang hiwalay na mesa para sa pagbibigay ng balota.

Kumpletuhin ang iyong sobre ng deklarasyon (declaration envelope)

Dapat mong kumpletuhin ang declaration envelope upang patunayan na ikaw ay Aboriginal at/o Torres Strait Islander. Pagkatapos, matatanggap mo ang balota na nagpapakita ng lahat ng kandidato para sa iyong rehiyon.

Para bumoto:

- 1

Isulat ang numero 1 sa kahon sa tabi ng pangalan at larawan ng kandidato na iyong unang pinili.
- 2

Kung nais mong pumili ng mahigit pang mga kandidato, ipagpatuloy sa 2, 3, 4... sa iba pang mga kahon.

Nasa sa iyo kung ilang kandidato ang pipiliin mo; hindi mo kailangang lagyan ng numero ang bawat kahon.

Kapag natapos na, ano ang dapat kong gawin ngayon?

Dalhin ang lahat ng tatlong balota, ang mga papel na berde, puti, at mga papel na may border na puti, sa opisyal ng halalan (electoral officer) sa mesa ng pagboto.

BALLOT PAPER

Election of 7 Members to the Local First Nations Voice Region

Issuing Officer's Initials

DISTRICT

Sample

Directions

Choose 1 or more candidates by numbering the box next to their pictures in the order of your choice

After voting, fold the ballot paper and put it in the ballot paper envelope.

2

FAMILY NAME, First Name

1

FAMILY NAME, First Name

4

FAMILY NAME, First Name

3

FAMILY NAME, First Name

5

FAMILY NAME, First Name

6

FAMILY NAME, First Name

8

FAMILY NAME, First Name

9

FAMILY NAME, First Name

7

FAMILY NAME, First Name



Mag-scan para sa isang video kung paano kukumpletuhin ang balota ng SA First Nations Voice

Opisyal na Gabay (Official Guide) sa iba't ibang wika

Ang Opisyal na Gabay na ito ay makukuha sa 21 iba't ibang wika sa website ng Electoral Commission SA. Para sa karagdagang impormasyon sa ibang wika, gamitin ang libreng Translating and Interpreting Service (TIS): **Tumawag sa 13 14 50** at hilingin na ikonekta ka sa Electoral Commission SA sa 1300 655 232.

Impormasyon at suporta

Website: ecsa.sa.gov.au | savoicerelection.sa.gov.au
Telepono: 1300 655 232
Telepono para sa Tulong sa Pagboto (Telephone Assisted Voting): 1300 951 579
Email: ecsacomments@sa.gov.au
Mga feedback at reklamo: ecsa.sa.gov.au/feedback-and-complaints

Pinahintulutan ni M Sherry, Electoral Commissioner (Komisyoner ng Halalan), Timog Australia, Adelaide



Voting. It's a good thing.

Opisyal na Gabay sa 2026 Halalan ng Estado

Kasama ang mga detalye tungkol sa South Australian First Nations Voice na Halalan ng Parlamento, na gaganapin din sa **21 Marso 2026**.

Mensahe mula sa Komisyoner ng Halalan

Ang Halalan ng Estado ng South Australia ang iyong pagkakataong makapagpahayag at makatulong sa paghubog ng kinabukasan ng ating estado. Mahalaga ang bawat boto at talagang isang mabuting bagay ang bumoto.

May ilang pagbabago upang maging mas madali at mas naa-access ang pagboto, upang lahat sa South Australia ay magkaroon ng pagkakataong makibahagi. Narito ang ilang mahahalagang punto:

- Magsisimula ang maagang pagboto sa 14 Marso 2026** – hindi mo na kailangan ng dahilan para bumoto nang maaga.
 - Mas maraming sentro ng maagang pagboto (early voting centres) kaysa dati.**
 - Mas madali ang pagboto sa pamamagitan ng koreo:** mag-aplay online sa ecsa.sa.gov.au.
 - Magagamit ang tulong sa pagboto sa telepono (telephone assisted voting)** para sa mga taong bulag, may malabong paningin, o may kapansanan sa paggalaw.
- Gaganapin din ang South Australian First Nations Voice na Halalan ng Parlamento sa parehong araw; opsyonal ito para sa mga karapat-dapat na Aboriginal at/o Torres Strait Islander na nakarehistro bilang botante sa SA.
- Sa panahon ng halalan, maaaring makakita ka ng mali o mapanlinlang na impormasyon tungkol sa paraan ng pagboto. Tandaan, ang ECSA ang iyong mapagkakatiwalaang opisyal na sanggunian. Para sa tamang impormasyon, laging tingnan ang website ng ECSA – ecsa.sa.gov.au.
- At panghuli, tandaan na **sapilitan ang pagboto sa Halalan ng Estado**.
- Mick Sherry**
KOMISYONER NG HALALAN

Ano ang mangyayari sa isang sentro ng botohan?

Ang mga sentro ng botohan ay matatagpuan sa mga pampublikong lugar tulad ng mga paaralan at mga sentrong pangkomunidad. Hanapin ang pinakamalapit na sentro ng botohan sa website ng ECSA o sa likod ng iyong EasyVote card. Gagabayan ka ng mga karatula.



- I-scan upang makita ang pinakamalapit na sentro ng botohan sa interactive na mapa
- Makatutulong na tip:** Mas maikli kadalasan ang pila pagkatapos ng tanghalian.
- Tanggapin ang iyong mga balota**
- Berdeng balota:** piliin ang iyong kandidato sa House of Assembly.
- Putting balota:** piliin ang mga kandidato o grupo para sa Legislative Council.

Titingnan ng mga kawani ng halalan ang iyong pangalan at address, pagkatapos ay ibibigay sa iyo ang iyong mga balota. Kung ikaw ay nasa labas ng iyong distrito, isang silent elector, o bumoboto sa South Australian First Nations Voice sa Halalan ng Parlamento, ituturo ka sa isang hiwalay na mesa para sa pagbibigay ng balota.

Punan ang iyong mga balota

Gamitin ang lapis na ibinigay o magdala ng sarili mong lapis kung mas gusto mo. Kung kailangan mo ng tulong, humingi ng tulong sa isang opisyal ng halalan – mananatiling pribado ang iyong boto.

May karagdagang impormasyon sa likod —————>

Paano mapapabilang ang iyong boto

Balota para sa House of Assembly

Upang matiyak na mabibilang ang iyong boto, kailangan mong lagyan ng numero ang bawat kahon ayon sa pagkakasunod-sunod ng iyong mga pinili.

- 1

Isulat ang numero **1** sa kahon sa tabi ng kandidato na una sa iyong mga napili.
- 2

Isulat ang numero 2 sa tabi ng pangalawa sa iyong mga napili.
- 3

Isulat ang numero 3 sa tabi ng pangatlo sa iyong mga napili.
- 4

Ipagpatuloy: 4, 5, 6 ... hanggang sa bawat kahon ay may numero na.

Kung nagkamali ka, huwag mag-alala. Gumuhit ng linya sa maling numero at isulat ang tamang numero sa tabi nito, o humingi ng kapalit na balota sa opisyal ng halalan.

Putting balota ng Legislative Council (Konsehong Lehislatibo)

May dalawang paraan para makaboto ka sa putting balota ng Legislative Council: sa itaas O sa ibaba ng makapal na itim na linya.

Paḡboto sa itaas ng linya

Kung boboto ka sa itaas ng linya, isulat ang bilang na “1” sa kahon sa tabi ng grupong iyong unang pinili. Maaari mong ipagpatuloy ang paglalagay ng bilang (2, 3, 4 atbp.) sa kahit gaano karaming grupo ang nais mo. Huwag magsulat ng anumang bilang sa ibaba ng linya.

South Australia, 2026 Election

Ballot Paper for the Election of 11 Legislative Councillors

You may vote in one of two ways. You are not legally obliged to mark the ballot paper.

If you vote ABOVE the line

1

Environment First Party

4

Shine Australia

2

The People’s Party

3

Farmer’s Alliance

5

Southern Cross Party

Paḡboto sa ibaba ng linya

Kung pipiliin mong bumoto sa ibaba ng linya, kailangan mong maglagay ng bilang sa hindi bababa sa 12 kandidato. Isulat ang bilang na “1” sa kahon sa tabi ng kandidatong iyong unang pinili, “2” sa tabi ng iyong ikalawang pinili, at ipagpatuloy hanggang mailagay mo ang bilang sa hindi bababa sa 12 kandidato. Huwag magsulat ng kahit ano sa itaas ng linya.

OR

If you vote BELOW the line

12

Lauren Hall

2

Tony Matic

Jane Nguyen

Oliver Bloom

7

Sasha Crown

Travis Alves

12

Finn Robinson

Latika Fischer

Andy McMahon

4

Helen Park

James Ludwig

Ophelia Knight

1

Anita Holland

Joshua McCall

9

Imane Caskey

Ahren Patel

Vanessa Hollow

8

Porter Smith

3

Winston Barker

Nina Harris

John Thompson

11

Rachel McKinnon

Jeremy Choi

6

Courtney Wilson

5

Naomi Lee

Felix Cross

Jennie Rodriguez

10

Rory Lane

Katrina Sebastian

Noah Stringer

Paḡkatapos mong bumoto

Kapag natapos mo nang lagyan ng boto ang iyong mga balota, tiklupin ito at ilagay sa mga kahon ng balota na inilaan para dito.

Kung ikaw ay bumoto sa labas ng distrito kung saan ka nakatala o ikaw ay isang silent elector, ibalik ang iyong mga balota sa opisyal ng halalan na tutulong sa iyo na ilagay ang mga ito sa sobre bago mo ito ilagay sa kahon ng balota.

Sample

Australia

Issuing Officer Initials

Ballot Paper

Election of one Member for the House of Assembly

DISTRICT

Number the squares from 1 to 4 in the order of your choice.

You are not legally obliged to mark the ballot paper.

4

CANDIDATE Name

Political Party or Independent

2

CANDIDATE Name

Political Party or Independent

3

CANDIDATE Name

Political Party or Independent

1

CANDIDATE Name

Political Party or Independent

After voting, fold the ballot paper and place it in the ballot box or declaration envelope

Mahahalagang mga petsa at oras ng halalan

Magbubukas ang aplikasyon para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo (postal voting):	Lunes, 2 Pebrero 2026
Magsasara ang pagboto ng mga botante:	Biyernes, 27 Pebrero 2026 5:00 ng hapon
Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo (postal votes) ay ipapadala sa mga botante:	Mula Martes, 10 Marso 2026
Panahon ng maagang pagboto (early voting period): Sabado, 14 Marso – Biyernes, 20 Marso	Sabado, 14 Marso – Biyernes, 20 Marso 8:00 ng umaga – 6:00 ng hapon Linggo, 15 Marso sarado Huwebes, 19 Marso 8:00 ng umaga – 8:00 ng gabi
Telepono para sa Tulong sa Pagboto (Telephone Assisted Voting): Sabado, 14 Marso – Sabado, 21 Marso	Sabado, 14 Marso – Sabado, 21 Marso 8:00 ng umaga – 6:00 ng hapon Linggo, 15 Marso sarado Huwebes, 19 Marso 8:00 ng umaga – 8:00 ng gabi
Araw ng halalan:	Sabado, 21 Marso 2026 8:00 ng umaga – 6:00 ng hapon

Planuhin ang iyong mga pagpipilian sa pagboto

Maaari kang bumoto saanmang sentro ng pagboto

Sino ang kailangang bumoto?

Lahat ng mamamayan ng South Australia na may edad 18 pataas ay kailangang magpatala at bumoto sa mga halalan ng estado.

Hindi ka ba makakaboto sa araw ng halalan (21 Marso 2026)?

Bumoto nang maaga o mag-aplay para sa balota sa pamamagitan ng koreo (postal voting). Kung hindi ka makakaboto nang personal, maaari kang mag-aplay para sa postal voting o maaaring karapat-dapat kang gumamit ng telepono para sa tulong sa pagboto (telephone assisted voting).

Mga serbisyong mobile na pagboto (mobile polling)

Bisitahin ng mga opisyal ng ECSA ang mga pasilidad ng pangangalaga sa matatanda at ilang ospital upang magbigay ng mga serbisyo sa pagboto. Magiging available din ang mobile polling sa mga liblib na lugar, kasama na ang mga komunidad ng Aboriginal.

Anong distrito ang kinabibilangan ko?

Maaaring nagbago ang mga distrito. Alamin ang iyong distrito sa: ecsa.sa.gov.au.

Mapanlinlang na impormasyon sa panahon ng halalan

Sa panahon ng halalan, maaari kang makatagpo ng hindi maaasahan o sadyang maling impormasyon sa online. Upang maprotektahan ang iyong sarili, palaging suriin ang pinagmulan ng anumang impormasyon tungkol sa halalan at tiyaking ito ay maaasahan, napapanahon, at ligtas.

Maglaan ng oras para pag-isipan ito.

Suriin ang pinagmulan: Ito ba ay mapagkakatiwalaang midya o opisyal na account sa social media?

Suriin ang petsa: Maaaring ibinahagi ang lumang impormasyon upang magmukhang bago.

Kumpirmahin kung hindi sigurado: Dahil sa AI, naging madali ang paggawa ng mali o mapanlinlang na nilalaman.

Para sa opisyal at maaasahang impormasyon tungkol sa mga halalan sa SA, bisitahin ang website ng ECSA sa: ecsa.sa.gov.au.

Nasa ibang estado o nasa ibang bansa ka ba?

Magbubukas ang mga sentro ng maagang pagboto (early voting centres) sa bawat estado o teritoryo, mga sa kabiserang lungsod, at mga piling lugar sa ibang bansa (Hong Kong, London, Wellington).

Paano boboto sa pamamagitan ng koreo (postal voting)

Mag-aplay para sa postal voting sa ecsa.sa.gov.au kung wala kang access sa internet, tumawag sa 1300 655 232.

Magsasara ang mga pag-aaplay sa ganap na 5:00 ng hapon sa 13 Marso para sa mga botante sa ibang estado at ibang bansa, at sa ganap na 5:00 ng hapon sa 17 Marso para sa mga botante sa SA.

Ipapadala sa koreo ang mga postal pack pagkatapos makumpirma ang mga kandidato. Hindi maaaring magpamigay ng aplikasyon para sa postal vote ang mga partido sa politika.

Telephone Assisted Voting (TAV)

Available para sa mga bulag, may kapansanan sa paningin o sa paggalaw. Tumawag sa 1300 951 579 para sa tulong.

State Election
MARCH 21

ecsa.sa.gov.au →